KAPASIYAHAN BILANG 93-52

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG NA PANGULONG FIDEL V. RAMOS, KGG. JOSE DE JESUS,KALIHIM NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS, AT KGG. MANNY VILLAR, KINATAWAN NG DISTRITO NG LAS PINAS AT MUNTINLUPA, PARA SA MADALIANG PAGPAPAGAWA NG BAGONG "BYPASS ROAD" NA MAGDURUGTONG SA ALABANG-ZAPOTE ROAD PATUNGO SA MOLINO, CAVITE PAHALANG SA GILID/BAYBAY NG AYALA-ALABANG VILLAGE AT VICTORIA HOMES SUBDIVISION, MUNTINLUPA UPANG MAISAAYOS ANG KASALUKUYANG DALOY NG TRAPIKO SA MUNTINLUPA AT LAS PINAS AT SA IBA PANG NAKAPALIGID NA LUGAR.**

****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang "road network" sa Muntinlupa at sa kalapit na bayan ng Las Pinas ay nakahahadlang sa pagsulong at pag-unlad ng mga nabanggit na bayan dahil hindi sapat na natutugunan ang malaking bilang ng trapiko na nanggagaling at papunta sa mga nakapaligid na lugar;

**SAPAGKAT,** upang ganap na maituring ang bayan ng Muntinlupa bilang isang kaakit-akit na lugar para sa namumuhunan, ang pamahalaan ay kailangang maglaan ng mga pangunahing serbisyo tulad ng pagpapagawa ng mga malawak na kalsada upang maging mahusay ang daloy at pangangasiwa ng trapiko;

**SAPAGKAT,** upang maiwasan ang pagsisikip ng daloy ng trapiko sa Alabang-Zapote Road at makapagtatag ng mahalagang pakikipag-ugnay sa mga bayang nabibilang sa CALABARZON, kailangan ng mabilisang pagpapagawa ng alternatibong daan;

**SAPAGKAT,** ang nasabing alternatibong daan ay ang kasalukuyang Daang Hari Road na matatagpuan sa tabi ng Ayala-Alabang Village na maaaring bumagtas mula sa Alabang-Zapote Road patungo sa Victoria Homes Subdivision hanggang sa Molino, lalawigan ng Cavite;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nagpapahayag ng pakikiisa sa Pambayang Resolusyon ng Pamahalaang Bayan ng Las Pinas No. 132 series of 1989 na maiayos ang naturang kalsada;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan na humiling sa Kagalang-galang Fidel V. Ramos, Kgg. Jose De Jesus, Kalihim ng Department of Public Works and Highways at Kgg. Manny Villar, Kinatawan ng Distrito ng Las Pinas-Muntinlupa, para sa madaliang pagpapagawa ng bagong "bypass-road" na magdurugtong sa Alabang-Zapote Road patungo sa Molino, Cavite pahalang sa gilid/baybay ng Ayala-Alabang Village at Victoria Homes Subdivision, Muntinlupa upang maisaayos ang kasalukuyang daloy ng trapiko sa Muntinlupa at Las Pinas at sa iba pang nakapaligid ng lugar.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-32nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Marso, 1993.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 3 -
Kapasiyahan Bilang 93-52

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan